LONGBEACH DEVELOPMENT SERVICES

PUBLIC NOTICE

ABISO SA AVAILABILITY NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG AT DOKUMENTO

Sa Miyerkukles, Hunyo 22, 2022 nang 4:00 PM, magsasagawa Ang Community Investment Company (CIC) ng Lungsod ng Long Beach ng Pampubikong Pagdinig sa Ika-2 Palapag ng Conference Room sa Munisipyo sa 411 West Ocean Boulevard, Long Beach.

Layunin ng Pampublikong Pagdinig na bigyang-daan ang input ng publiko sa paggawa ng 2022-2027 Pinagsama-samang Plano, pati ang 2022-2023 Plano ng Aksyon, Amendment ng 2021, 2020, 2018 at 2017, na nakabatay sa mga prayoridad na nakabalangkas sa Pinagsama-samang Plano. Nilalarawan at binibigyang priyoridadng Pinagsama-samang Plano ang pabahay at mga pangangailangan sa pagpapaunlad ng komunidad, pati na ang mga gawain para tugunan ang mga pangangailangang iyon ayon sa inilarawan at pinondohan ng Kagawaran ng Housing and Urban Development (HUD) ng U.S. Bilang kinakailangan ng HUD, binubuklod ng Pinagsama-samang Plano, sa isang pinagsamang pagpapasa, ang mga plano at aspeto ng aplikasyon ng mga pondo ng Community Development Block Grant (CDBG), Emergency Solutions Grant (ESG), at HOME Investment Partnership Program (HOME) upang harapin ang mga prayoridad na iyon.

Magiging available ang Balangkas ng Pinagsama-samang Plano para sa 30-Araw na Pagsusuri ng Publiko simula Mayo 20, 2022 hanggang Hunyo 22, 2022 sa www.longbeach.gov/lbplan.

Nilalayon ng Lungsod ng Long Beach na magbigay ng makatuwirang pagtanggap sa mga Pampublikong Pagdinig alinsunod sa Americans with Disability Act (ADA) ng 1990. Kung kinakailangan ng mga espesyal na pagtanggap, pakitawagan si Alem Hagos sa (562) 570-7403 nang hindi bababa sa 48 oras bago ang Hunyo 22, 2022 sa Pampublikong Pagdinig. Kailangang ipasa ng mga mamamayang nais magbigayng mga nakasulat na komentaryo bago ang Hunyo 20, 2022. Kailangang naka-address ang mga nakasulat na komentaryo kay Alem Hagos, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagpapaunlad, 411 West Ocean Boulevard, Long Beach, California 90802. Email: alem.hagos@longbeach.gov.